

# Fact Sheet tungkol sa Programa ng State Disability Insurance

Ang State Disability Insurance (SDI) ay isang programang pinopondohan ng mga empleyado, na nagbibigay, kung kwalipikado, ng humigit-kumulang 70 hanggang 90 porsyento ng iyong lingguhang sahod batay sa kita. Ang programa ng SDI ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na bahagyang kapalit na sahod na mga benepisyo: ang **\*Disability Insurance (DI) at Paid Family Leave (PFL)**.

## Saklaw ba ako ng SDI?

Tinatayang nasa 18.7 milyong manggagawa sa California ang saklaw ng SDI. Maaari kang maging kwalipikado kung ikaw ay:

1. Isang part-o full-time na empleyado na nagbibigay ng kontribusyon sa programa ng SDI sa pamamagitan ng mga pagkakaltas sa payroll na iniaatas ng estado [maaari kang masaklaw sa ilalim ng isang planong boluntaryo kapalit ng SDI, bisitahin ang [VP Information](http://edd.ca.gov/Disability/VP_Information.htm) ([edd.ca.gov/Disability/VP\\_Information.htm](http://edd.ca.gov/Disability/VP_Information.htm))]. –O–;
2. Isang self-employed na taga-California o independiyenteng kontratista na nagbibigay ng kontribusyon sa programa ng Disability Insurance Elective Coverage. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang [Self-Employed/Independent Contractor](http://edd.ca.gov/Disability/Self-Employed/Independent_Contractor) ([edd.ca.gov/Disability/Self-Employed.htm](http://edd.ca.gov/Disability/Self-Employed.htm)).

## Kwalipikado ba Ako?

Maaari kang maging kwalipikado para sa mga benepisyo, kung ikaw ay:

- Magfa-file ng claim online o sa pamamagitan ng koreo, nang hindi lalampas sa 49 na araw para sa DI at 41 araw para sa PFL, mula sa petsa na nagsimula ang iyong kapansanan o pagliban na pampamilya.
- Kumita nang hindi bababa sa \$300 halaga ng suweldo (na sumailalim sa mga kontribusyon ng SDI) sa loob ng 12-buwan na basehang panahon ng claim.
- Ipinakumpleto sa iyong lisensiyadong propesyonal sa kalusugan ang dokumentasyong medikal na nagpapatunay sa iyong kapansanan (para sa DI). O dokumentasyong medikal na nagpapatunay sa pangangailangan ng pangangalaga (PFL na pangangalaga). O, magbigay ng dokumentasyong nagpapakita ng relasyon mo sa iyong bagong anak (para sa PFL na pakikipag-bonding), o sumusuportang dokumentasyong pangmilitar (para sa PFL na pagtulong sa militar).

Maaaring hindi ka kwalipikado para sa mga benepisyo, kung ikaw ay:

- Tumatanggap ng mga benepisyo mula sa isa pang programa ng benepisyo ng EDD (Insurance para sa Walang Trabaho, DI, o PFL).
- Hindi nawawalan ng sahod.
- Nakadetine dahil nahatulan sa isang krimen.
- Mayroong eksempsiyong panrelihiyon mula sa mga buwis sa SDI.
- Hindi nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho noong nagsimula ang iyong kapansanan o pagliban na pampamilya.
- Tumatanggap ng kompensasyon para sa mga manggagawa na nasa lingguhang rate na katumbas o mas malaki sa rate ng DI.

Ang SDI ay hindi nagbibigay ng mga karapatan kaugnay ng proteksyon sa trabaho o pagbabalik-trabaho. Gayumpaman, maaaring maibigay ang proteksyon sa trabaho kung saklaw ka sa ilalim ng pederal na Batas sa Pagliban na Pampamilya at Medikal, Batas sa mga Karapatang Pampamilya ng California, o ng Bagong Batas sa Pagliban ng Magulang.

## Paano Ako Mag-aaplay?

Mag-aplay para sa mga benepisyo sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *Claim for Disability Insurance (DI) Benefits* (DE 2501) o *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F) online o sa pamamagitan ng koreo. Mag-aplay online sa pamamagitan ng [myEDD](http://myedd.edd.ca.gov) ([myedd.edd.ca.gov](http://myedd.edd.ca.gov)). Piliin ang SDI Online. Para mag-aplay gamit ang koreo, humiling ng hard copy sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-480-3287 para sa DI at sa 1-877-238-4373 para sa PFL, puntahan online sa [EDD Forms and Publications](http://edd.ca.gov/Forms) ([edd.ca.gov/Forms](http://edd.ca.gov/Forms)), o bumisita sa isang opisina ng SDI na malapit sa iyo. Bisitahin ang [Contact SDI](http://edd.ca.gov/Disability/Contact_SD1.htm) ([edd.ca.gov/Disability/Contact\\_SD1.htm](http://edd.ca.gov/Disability/Contact_SD1.htm)) para sa listahan ng mga lokasyon ng opisina.

**Tandaan:** Hindi nakaaapekto sa pagiging kwalipikado ang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon.

### \*Disability Insurance

Ang Disability Insurance ay nagbibigay ng mga kapalit na sahod na mga benepisyo sa mga manggagawang hindi makapagtrabaho dahil sa isang pagkakasakit o pagkakapinsala na hindi nauugnay sa trabaho; pisikal man o mental. Kabilang sa kapansanan ang planadong pagpapa-opera, pagbubuntis, panganganak, o mga kaugnay na kondisyong medikal. Ang mga benepisyo ay babayaran sa loob ng maximum na 52 linggo. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang [Disability Insurance](http://edd.ca.gov/Disability) ([edd.ca.gov/Disability](http://edd.ca.gov/Disability)).

### \*Paid Family Leave

Ang California Paid Family Leave ay nagbibigay ng kapalit na sahod na mga benepisyo sa mga manggagawang lumiban sa trabaho para alagaan ang isang kapamilyang may malubhang karamdaman, makapag-bonding sa isang bagong anak, o makilahok sa isang nagkakwalipikang pangmilitar na kaganapan dahil sa militar na pagkakatalaga sa ibang bansa ng isang kapamilya. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang [Paid Family Leave](http://edd.ca.gov/PaidFamilyLeave) ([edd.ca.gov/PaidFamilyLeave](http://edd.ca.gov/PaidFamilyLeave)).

Ang EDD ay isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Mayroong mga pantulong na aid at serbisyo na nakalaan para sa mga indibidwal na may kapansanan kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o mga alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses). Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.